**Fort Stanwix National Monument**

**Filipino-Tagalog/Filipino**

112 E Park Street
Rome, NY 13440

phone: 315-338-7730
web: www.nps.gov/fost

National Park Service
U.S. Department of the Interior

# Maligayang Pagdating!



## UPANG PANGALAGAAN AT IPALIWANAG

Ang Pambansang Monumento ng Kuta ng Stanwix ay nagsasaad ng mahalagang bahagi ng isang masalimuot na kuwento sa kasaysayan ng Amerika. Maraming mga grupo at mga ahensiya, na parehong publiko at pribado, sa estado ng New York at sa kabuuang silangang bahagi ng Estados Unidos, ang nakikipag-tulungan sa parke upang maipaalam ang mga aspeto ng ating ibinahaging pamana at mapangalagaan ang mga kaugnay na makasaysayang mga lugar. Upang mas maunawaan ang Kuta ng Stanwix at kolonyal na kasaysayan ng Amerika, bisitahin a ang kaparehang mga lugar, mula sa mga lokal na makasaysayang lipunan hanggang sa estado at pambansang mga parke. Mga tiyak na mga impormasyon hinggil sa mga kapareha ng parke ay makukuha mula sa mga kawani ng parke.

Ang Marinus Willett Collections Management and Education Center, na binuksan noong 2005, ay resulta nang pagsasama sa pagitan ng Pambansang Serbisyo sa Parke, Siyudad ng Rome, Lalawigan ng Oneida, Estado ng New York, at ang Oneida Indian Nation. Ang Sentro ay nagbibigay sa mga panauhin ng pagpapakilala at mga pagtatanghal, gayundin ang makabagong sining sa pag-iimbak nang mahigit sa 400,000 na mga artifact sa koleksiyon ng museo ng parke.

Ang Pambansang Monumento ng Kuta ng Stanwix ang isa sa halos 400 parke sa Sistema ng Pambansang Parke. Ang Pambansang Serbisyo sa Parke ay nangangalaga para sa mga espesyal na lugar na iniligtas ng mga mamamayang Amerikano upang ang lahat ay maranasan ng ating pamana. Layunin ng Pambansang Serbisyo sa Parke ang pangalagaan at ipagtanggol ang likas at kultural na kayamanan para sa kasiyahan, inspirasyon, at edukasyon ng kasalukuyang henerasyon at sa hinaharap. Bisitahin ang www.nps.gov upang marami pang malaman tungkol sa mga parke at sa mga programa ng Pambansang Serbisyo sa Parke sa mga komunidad ng Estados Unidos.

## Isang Pangkalahatang-ideya at Mga bagay na Iyong Dapat Malaman Para sa Iyong Kaligtasan

Ang pintuang pasukan sa kuta ay nangangailangan ng maikling paglalakad mula sa Marinus Willett Center. Tatlong maikling daan ang nakalibot sa kuta. Ang isa ay sumusunod sa bahagi ng Oneida Carrying Place. Ang dalawa pa ay tumulong ipaliwanag ang mga pangyayari sa pagkubkob ng 1777. Ang mga tanod-gubat ay regular na nangangasiwa ng nakatakdang mga programa araw-araw, na karaniwang may 45 minuto ang haba. Tiyakin sa tanod-gubat na naroon sa sentro para sa panauhin ang oras at lokasyon ng lahat ng programa na ini-aalok bawat araw. Ang parke ay maaari sa mga tao na may kapansanan, at maraming programa ang maari sa mga tao na may kapansanan sa paningin at pandinig. Ang mga serbisyong hayop ay tinatanggap sa lahat ng gusali ng parke. May mga kawani na magbibigay ng tulong.

Dahil ang kuta ay tumpak ang pagkakatayong muli, may mga peligro na kinakailangan ng iyong pagiging alisto. Ang lupa sa loob at paligid ng kuta ay magaspang at hindi pantay, kaya mangyaring inagatan ang paglalakad. Maraming lugar ang kuta ang gawa sa kahoy: mag-ingat upang hindi masalubsob. Ang mga bata ay dapat na ilayo sa mga pader at kanyon, at sa labas ng mga pugon na nagpapa-init, at sumunod sa mga tagubilin sa oras ng pagpapakita nang mga armas. Walang lugar para sa mag-piknik sa kuta. Ang mga alagang hayop ay kailangan naka-kadena at kailangang nasa labas lamang ng pasukan sa mga gusali. Hindi rin pinahihintulutan ang paninigarilyo sa mga pasilidad; kabilang na ang kahit saang lugar sa kuta o sa sentro para sa panauhin.

## ANG ONEIDA CARRYING PLACE, ANG ANIM NA MILYANG NAGBAGO SA KASAYSAYAN NG HILAGANG AMERIKA

Sa loob ng ilang libong taon ang sinaunang landas na nagdudugtong sa Ilog ng Mohawk at Sapa ng Wood ay nagsilbing mahalagang koneksiyon para sa mga mamamayang naglalakbay sa pagitan ng Karagatang Atlantiko at Lawa ng Ontario. Ginagamit ng mga manlalakbay ang rutang ito sa pamamagitan ng teritoryo ng Indiyan sa Oneida upang magdala ng mga paninda at mga balita, gayundin ng mga karamdaman, sa iba pa na nasa malayong lugar. Nang dumating ang mga taga-Europa tinawag nila ang rutang ito na Oneida Carrying Place at pinasinayaan ang isang mahalagang panahon sa kasaysayan ng Amerika – isang panahon kung saan ang mga bansa ay naglaban-laban hindi lamang para sa pag-kontrol ng Oneida Carrying Place, kundi gayundin para sa Lambak ng Mohawk, ang lupang tinubuan ng Lapian ng Anim na Bansa, at maging ang likas na kayamanan ng Hilagang Amerika. Ang Kuta ng Stanwix ay magkakaroon ng mahalagang papel sa labanang ito.

### Ang Digmaang Pandaigdig

Nagsimula ang labanan noong tag-araw ng 1754, nang magsagupa ang kolonyal na pangkat ng mga Pranses at taga-Virginia sa timog-kanluran ng Pennsylvania at pinasimulan ang kilala ngayon bilang Digmaan ng Pranses at Indiyan. Sa taong 1756, ang labanan ay kumalat sa Europa, kung saan ito nakilala bilang Ang Pitong Taon na Digmaan. Sa taong ding iyon, ang mga Pranses at ang mga kapanalig nilang Amerikanong Indiyan ay sinalakay ang Lambak ng Mohawk at sinimulang wasakin ang mga kuta ng mga taga-Britanya sa tabi ng Oneida Carrying Place at German Flatts (Herkimer, N.Y.). Bilang tugon, inatasan si Brigadyer Heneral John Stanwix ng Britanya na itatag ang isang kuta sa Oneida Carrying Place noong 1758. Winakasan ng Kuta ng Stanwix ang pananakop ng Pranses at naging daan para sa mga kampanya sa pakikipagla-ban ng Britanya.

### Ang Kasunduan ng 1768

Nang magwakas ang Digmaan ng Pranses at Indiyan noong 1763, isinuko ng Pransiya ang lahat ng kanilang mga inangkin sa silangan ng Ilog ng Mis-sissippi sa Hilagang Amerika sa Gran Britanya. Subalit ang mga Amerikanong Indiyan, na naging kapanalig ng mga Pranses noong panahon ng digmaan, ay tumindi ang kawalang-kasiyahan sa

## MAHAHALAGANG KAGANAPAN SA KASAYSAYAN NG KUTA NG STANWIX:

**1758** – Itinatag ng Britanya ang Kuta ng Stanwix, kung saan matagumpay na nasakop ng mga hukbo ang mga kuta ng Pranses at Kingston, Ontario (1758), Oswego at Niagara (1759), at Ilog ng St. Lawrence at Montreal (1760).

**1768 –** Ang Kasunduan sa Linya ng Hangganan na napagkasunduan sa Kuta ng Stanwix kasama ang tribo ng Anim na Bansa ay nagbukas sa mga lupain ng mga Indiyan sa silangan at timog na Ilog ng Allegheny at Ohio para sa paninirahan. Ang kasunduan ay nagpagalit sa ibang tribo na naninirahan sa mga lupaing ito.

**1777 –** Ang pagkubkob sa Kuta ng Stanwix ay nagsimula noong ika-3 ng Agosto. Ipinangako ni Gansevoort na ipaglaban ang kuta "hanggang sa dulo." Inabandona ni St. Leger ang pagkubkob matapos ang 21 araw habang papalapit ang mga kawal na Amerikano.

Labanan sa Oriskany, ika-6 ng Agosto. Tinambangan ng mga taga-Britanya at Indiyan ang 800 milisya sa ilalim ni Nicholas Herkimer na itinataboy ang pagtatangka na saklolohan ang Kuta ng Stanwix. Ang mga pangkat mula sa Kuta ng Stanwix ay pinagnakawan ang mga kampo ng mga tapat na kawal na mga taga-Britanya at Indiyan.

**1779 –** Ang mga pangkat na pinangungunahan nina Heneral John Sullivan at James Clinton ay sinira ang mga bayan ng Onondaga sa gitna ng Anim na Bansa bilang ganti para sa pag-atake sa Lambak ng Mohawk. Ang pakikipaglaban ng mga Indiyan ay tumitindi.

**1784 –** Ang kasunduang nilagdaan sa Kuta ng Stanwix ay winakasan ang pakikipagdigmaan sa mga tribo ng Anim na Bansa na kapanalig ng Britanya sa panahon ng digmaan at napilitan nilang isuko ang lahat ng pag-aangkin sa kanluran ng New York at hilaga ng Ilog Ohio.

**1788 –** Nakipag-ayos ang estado ng New York sa Oneidas at Onondagas sa Kuta ng Stanwix, upang makakuha ng malaking bahagi ng lupain ng Indiyan na siyang humamon sa parehong pederal na maykapangyarihan at sa kasarinlan din ng Indiyan.

**1790 –** Kinumpirma ng mga mamamayan ng Onondaga at Cayuga ang pinakasunduang panukala sa lupa ng estado ng New York sa Kuta ng Stanwix. Malaking bahagi ng lupain na kinuha ay ipinagbili upang mabayaran ang mga utang sa digmaan o ibinigay sa mga sundalo bilang kapalit ng naantalang sahod.

pamamalakad ng Britanya at sinimulan ang digmaan para sa kanilang kasarinlan. Ang Rebelyong Pontiac ay nagbunga ng Royal Proclamation ng 1763 na humahadlang sa paninirahan ng mga taga-Britanya sa kanluran ng Applachians. Sa taong 1768, upang ayusin ang hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga Indiyan at dayuhang mga taga-Britanya, nakipag-ayos para sa isang kasunduan si Ginoong William Johnson, ang Superintendente sa mga Gawain para sa mga Indiyan sa inabandonang Kuta ng Stanwix kung saan ang Lapian ng Anim na Bansa ay sumang-ayon na isuko ang mga lupain sa silangan at timog sa Ilog ng Ohio. Ikinagalit ito ng ibang mga tribo na naninirahan sa mga lupaing ito at naging dahilan sa pagsisimula ng hindi pagkakasunduan sa hinaharap.

## Ang Rebolusyonaryong Digmaan ng Amerika

Ang Rebolusyon sa Amerika ay tumagal ng walong taon mula sa Lexington at Concord noong 1775 hanggang sa Kasunduan ng Paris noong 1783. Sa taong 1776, habang nagkakaroon ng pagtatalo para sa pambansang kalayaan ang Kontinental na Kapulungan, ipinag-utos nila kay Heneral Washington na muling itayo ang Kuta ng Stanwix upang ipagtanggol ang hangganan sa hilagang kanluran nang lumalakas na bansa at maipagtanggol din ang dati nang pinanghahawakang mga lugar para sa pagpapalawig pakanluran sa hinaharap. Ang kuta ay pinalitan ng pangalang Kuta ng Schuyler bilang parangal kay Mayor-Heneral Philip Schuyler, pinuno ng Sangay ng Hukbo sa Kanluran.

## 1777: Panahon ng Pagbabago sa Digmaan

Noong tag-araw ng 1777, pinamunuan ni Tenyente Koronel Barry St. Leger ng Britanya (nagtataglay ng pansamantalang ranggo brigadyer heneral) ang hukbo sa Lambak ng Mohawk bilang bahagi ng plano ni Mayor Heneral John Burgoyne na kontrolin ang estado ng New York. Ang hukbo na ito ay kinabibilangan ng may 800 sundalong taga-Britanya, Aleman at taga-Canada, mga tapat sa Britanya, at 800 mandirigmang Amerikanong Indiyan mula sa New York at rehiyon ng Great Lakes. Nang mapag-alamang ang Kuta ng Stanwix ay malakas na binabantayan ng halos 800 sundalong Kontinental sa pamumuno ni Koronel Peter Gansevoort, sinimulan ni St. Leger ang pakubkob sa kuta noong ika-3 ng Agosto.

Noong ika-6 ng Agosto ang Milisiya ng Lalawigan ng Tryon sa ilalim ng pamumuno ni Brigadyer Heneral Nicholas Herkimer ay tinambangan ng mga tapat sa Britanya at mga Indiyan malapit sa nayon ng Oneida sa Oriska habang patungo sa Kuta ng Stanwix upang magbigay ng tulong. Ang Labanan sa Oriskany, na pumuwersa sa mga milisiya na umatras, ay naging labanan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya, magkakaibigan, at mga magkakapitbahay. Naglaban-laban din ang mga mamamayan ng Lapian ang Anim na Bansa, na nagawakas sa kapayapaan na nagbigkis sa kanila ng ilang daang taon. Sa panahon ng digmaan, si Lieutenant Colonel Marinus Willett, ikalawa sa pamamahala kay Gansevoort, ay pinamunuan ang pagsalakay mula sa Kuta at dinakip ang maraming kaaway na preso, winasak ang kanilang kampo, at tinangay ang 21 bagon na puno ng mga pagkain. Sa panahon ng digmaan, si Tenyente Koronel Marinus Willett, ikalawa sa pamamahala kay Gansevoort, ay pinamunuan ang pagsalakay mula sa kuta at dinakip ang maraming kaaway upang maging bilanggo, winasak ang kanilang mga kampo, at tinangay ang 21 bagon na puno ng mga pagkain. Ang pagkubkob ay nagwakas noong ika-23 ng Agosto nang ang mga Kontinental sa ilalim ni Mayor Heneral Benedict Arnold ay dumating para pagtibayin ang garison ng Kuta. Ang tagumpay sa Kuta ng Stanwix, kasama na ang pagkatalo ni Burgoyne at pagsuko sa Saratoga, ay tuwirang nagbunsod sa pagiging magkakapanalig sa pagitan ng Estados Unidos, Pransiya, at ang Netherlands.

## Ang Labanan sa Saratoga, Hunyo – Oktubre 1777

Ang Labanan sa Saratoga ay ideya ni Mayor Heneral John Burgoyne, sa pananiniwala na ang Rebolusyong Amerikano ay maaaring magwakas sa paghahati ng mga kolonya sa tabi ng Ilog Hudson. Ang kanyang plano ay sumulong sa timog mula sa Canada, paakyat ng Lawa ng Champlain, sakupin ang Kutang Ticonderoga, at pagkatapos magmartsa sa timog ng Hudson patungo sa Albany. Doon ay sasamahan niya si Ginoong William Howe, na sumusulong pahilaga mula sa Siyudad ng New York, at si Barry St. Leger, na galing ng silangan sa gilid ng Ilog Mohawk. Subalit, naging abala si Howe sa labanan para sakupin ang Philadelphia at hindi na nakarating pa sa Albany, at si St. Leger ay nasuong sa walang-saysay na pagkubkob ng Kuta ng Stanwix sa loob ng 21-araw at napilitang bumalik sa Canada.

Matapos sakupin ang Ticonderoga nang madali at mabilis na nagpagulat sa moral ng mga sundalo, ipinagpatuloy ni Burgoyne ang kanyang martsa patungong timog, at tinalo ang hukbo ng mga Amerikano sa Hubbardton at pinuwersa ang paglikas mula sa Kuta ng Anne at Kuta ng Edward. Pagkatapos nagsimulang nang magwakas ang kanyang magandang kapalaran. Isang hanay ng mga Hessian (mersiyonaryong Aleman) na kanyang ipinadala para salakayin ang Bennington ay natalo ng mga kawal sa ilalim ni Brigadyer Heneral John Stark at Tenyente Koronel Seth Warner. Sa pagpapatuloy patungong timog, tinawid ni Burgoyne ang Hudson at pinahinto ang kanyang mga kawal malapit sa ngayon ay ang Stillwater, NY, kung saan ang mga Amerikano sa ilalim ni Horatio Gates, na pumalit kay Philip Schuyler bilang pinuno ng mga Amerikano, ay naka-puwesto sa Bemis Heights. Tinangka ni Burgoyne na makapasok sa linya ng mga Amerikano at sa Bukirin ni Freeman (Setyembre 19) at sa Bemis Heights (Oktubre 7). Subalit ang parehong pagtatangka ay bigo, at ang pinunong taga-Britanya, matapos malaman na siya ay nadaig na sa bilang, napalilibutan at wala ng pagkakataon na umatras, ay sumuko noong Oktubre 17, 1777.

## Ang Palalong Kapayapaan

Ang Rebolusyonaryong Digmaan sa Amerika ay nagwakas noong 1783, subalit ang Estados Unidos at Amerikanong Indiyan ay patuloy na naglalaban. Upang magwakas ang digmaan sa New York, nakipag-ayos ang Estados Unidos para sa Kasunduan sa Kuta ng Stanwix kasama ang Lapian ng Anim na Bansa noong 1784. Ang Estados Unidos ang nag-utos ng mga takda sa kasunduan, hindi pinakawalan ang mga dinakip na Amerikanong Indiyan hangga't hindi nakababalik ang lahat ng mga bilanggo ng digmaan, at pinuwersa ang mga kinatawan mula sa Lapian ng Anim na Bansa para lagdaan ang kasunduan. Ang Lapian ng Anim na Bansa ay pinilit ding isuko ang pag-angkin sa mga lupain sa Ohio at kanluran ng Pennsylvania, na nagpasimula muli sa pagpapalawak pakanluran. Karagdagan dito, ang mga mamamayang Amerikanong Indiyan ay kinilala na nabibilang sa mga bansang may kasarinlan sa loob ng mga hangganan ng Estados Unidos. Ang kasunduan ng 1784 ay tuwirang humantong sa Digmaang Amerikanong Indiyan sa Ohio noong taong 1780 at 1790.

## Mga Kasunduan at Mga Konseho ng 1788 at 1790

Matapos ang Rebolusyong Amerikano, ang lugar ng Kuta ng Stanwix ay patuloy na ginagamit para sa mga ugnayang Amerikanong Indiyan. Apat na panukala sa lupa ang napagkasunduan dito ng estado ng New York kasama ang Oneida, Onondaga, at Cayuga nang walang pahintulot ng pederal na pamahalaan. Ang mga panukala sa lupa na ito ay kinilala din sa kalaunan ng pederal sa Kasunduan ng Canandaigua ng 1794. Tuwing ika-1 ng Hunyo sa loob ng maraming taon pagkatapos nito ang mga mamamayan ng Oneida, Onondaga, at Cayuga ay tumutungo sa Kuta ng Stanwix kasama ang mga kinatawan mula sa Estado ng New York upang tanggapin ang taunang bayad para sa lupa. Bilang resulta, ang lupain na nabuksan ng kasunduang Amerikano Indiyan at estado ng New York ay pinahintulutan ang paghukay ng mga kanal, na humantong sa pagbubukas ng Kanal ng Erie noong 1827.



**Ang Kasunduan ng 1784 sa Lapian ng Anim na Bansa**
LITRATO MULA SA U.S. NATIONAL ARCHIVES

## Gabay sa Kayarian ng Kuta:

Ang hitsura ng Fort Stanwix sa ngayon ay pareho rin noong Rebolusyon ng Amerikano. Ang Siyudad ng Rome at ang Pambansang Serbisyo sa Parke ay nagtuwang upang muling itayo ang katulad na wangis ng orihinal na kuta noong 1776, gamit ang maraming orihinal na plano at mga dokumento. Ang gusali ng punong himpilan, bahay ng bantay, sally port, palikuran at rabelin, ay hindi na muling naitayo. Ang mga bilang sa larawan ng mapa ng paglalakbay, na ipinasok sa ibabang kahon para sa de-numerong teksto, ay pinapangalanan ang mga mahahalagang bahagi ng kuta; ang mga tatak ay tinutukoy ang mga teknikal na elemento na ipinaliwanag sa sumusunod na glosaryo:

**Berm –** Isang makipot na espasyo sa pagitan ng pader pangsanggalang at kanal, na ginawa para maiwasan ang paggulong ng lupa sa kanal.

**Balwarte –** Ang anggulong tinginan o sulok ng kuta.

**Kasemat –** Mga gusaling gawa sa troso na itinayo sa pader sa loob ng kuta para maging imbakan ng pagkain o upang tirahan ng tao.

**May Taklob na Daaanan –** Isang uri ng daan sa paligid ng kanal at napoprotektahan ng maliit na pader pangsanggalang na nilikha sa pamagitan ng glasis. Ito ay ginamit para ilipat ang mga armas at pangkat sa paligid ng kuta.

**Curtain Wall –** Bahagi ng depensa na nagkokonekta sa mga balwarte.

**Kanal –** Isang hukay sa paligid o lahat ng pader ng kuta upang mapigilan ang paglusob ng mga kalaban.

**Embrasure –** Isang butas sa pader pangsanggalang kung saan pinapuputok ang kanyon. Ang malapad na anggulo nito ay pinahihintulutan ang sunod-sunod na pagppapaputok.

**Fraise –** Isang bakod nang matatalim na kahoy na nakaturo palabas sa isang pahalang na ayos mula sa pader upang mapahinto ang kaaway sa biglaang paglusob sa kuta.

**Glasis –** Isang makinis na dalusdos ng lupa sa paligid ng kahabaan ng kuta mula sa daan sa paligid ng kanal patungo sa kalapit na bansa.

**Pader pangsanggalang –** konstruksyong pang-militar na idinisenyo sa taas ng pader para magbigay ng proteksyon sa mga sundalo at armas sa kuta mula sa pagpapaputok na galing sa kalaban.

**Bantayan –** Isang maliit na kayarian na itinayo sa taas ng pader pangsanggalang ng bawat balwarte upang magbigay ng silungan sa guwardiya sa masamang panahon.












## Paglilibot sa Kuta:

**1 – Willett Center.** Magsimula rito para sa pagpapakilala sa Kuta ng Stanwix at sa Rebolusyong Amerikano sa Lambak ng Mohawk.  Gamitin ang mga interaktib na programa, mamili ng mga natatanging regalo at subenir.

**2 – Drawbridge.** Hindi nalaman kung anong uri ng drawbridge mayroon ang Kuta ng Stanwix.  Ang uri nito ay kadalasang ginagamit ng panahong iyon.  Gumagana sa sistema ng kontrapeso, may bigat na 550 kilogram sa bawat gilid, pinagagana ito ng ng lakas ng tao, ito ay gumugulong sa daanan para itaas ang tulay.  Para ibaba ang tulay, pinapaniwalaan na ang mabigat na poste ay ginamit para itulak ang tulay pababa hanggang ang bigat ng tulay ay dalhin ang bigat pabalik sa itaas ng daanan.

**3 –Timog-silangang Kasemat.** Ang kayariang ito ay ginamit bilang tirahan ng mga sundalo. Ang pangalan sa pinto (Jansen) ay isinasaad ang pinuno ng hukbo. Ang mahabang kama na gawa sa istraw, na tinatawag na "mga krib," ay tinulugan ng may 10 hanggang 12 kalalakihan na magkakatabi.

**4 – Timog-silangang Balwarte.** Ang panaderya ng kuta ay matatagpuan sa ilalim ng balwarte.  Ang tinapay ang pangunahing pagkain ng mga sundalo, at ang bawat sundalo ay inaasahang makatatanggap ng ilang libra ng tinapay o harina bawat araw.  Ang isang malaking puwang sa pader ng balwarte ay daanan para sa Mahalaga (palikuran), na hindi na muling naitayo.

**5 – Imbakan.** Ang gusaling ito ay orihinal na ginamit bilang imbakan ng mga pagkain at maaaring maging silid din ng Quartermaster.  Sa ngayon mga pampublikong palikuran ang matatagpuan dito.

**6 – Mga tirahan sa Silangan.** Sa  lugar na ito matatagpuan ang silid ng mga opisyal, mga sulter, mga sundalo na may kaunting kagamitan lamang para sa mga hukbo na pinamunuan ni Dewitt at Bleeker, at silid ng mga opisyal na mas mababa ang ranggo.

**7 – Sally Port.** Ang sally port, pangkaraniwan sa mga kuta gaya ng Stanwix, ay ginamit para makadaan ang mga kaunting bilang ng mga sundalo sa labas ng kuta na natatakpan upang, kabilang ang iba pang mga  bagay, magdala ng tubig mula sa batis na nasa labas lamang ng kuta.  Ginamit ito ni Tenyente Koronel Willett para pumuslit sa linya ng Britanya para humingi ng tulong sa panahon nang pagkubkob. Ang kasemat sa alinmang bahagi ng sally port ay nagsisilbing tirahan ng mga sundalo.

**8 – Kanlurang-silangang Balwarte.** Sa panahon nang pagkubkob, ang balwarte na ito ay hindi natapos.  Dahil sa kahinaang ito pinagtibay ng Britanya ang kanilang mga naunang  pagkilos sa pagkubkob laban sa lugar na ito. Ang kanyon ng Britanya ay nakalagay ng may 600 na yarda mula sa hilaga, kung saan ang mga mataas na pulang gusaling gawa sa ladrilyo ay nakatayo ngayon.  Ang pangunahing kampo ng mga kawal ni St. Leger ay nasa lugar lang na iyon.

**9 – Mga silid ng Opisyal**. Ang pinagsamang kakulangan sa espasyo at higaan ay madalas na nagbubunsod sa sitwasyon na kinakatawan dito:  simpleng kama ng sundalo at malayo sa mga kagamitang kinasanayan na ng mga opisyal. Mula sa apat hanggang walong opisyal ang maaaring maghati sa espasyong ito noong panahon nang pagkubkob.

**10 – Mga silid ng Opisyal sa Armas.** Noong panahon nang pagkubkob ang mga silid na ito ay kay Tenyente Kapitan Joseph Savage, na namuno sa may 30-kataong mga kalalakihan mula sa Massachusetts at Connecticut.

**11 – Mga silid ng Komandante.** Maaaring ginamit ni Koronel Peter Gansenvoort ang silid na ito bilang silid ng punong opisyal, maaaring ang mga ito ang may kumpleto mga kasangkapan. Mayroon ding iba't-ibang pagkain si Gansenvoort, sa isinusulat ang kanyang kinaing mga "karne ng guya, kalapati, at isda sa may iba't-ibang uri."

**12 – Silid ng Kawani/Silid-Kainan.** Sa umaga ang mga silid na ito ay nagsisilbi bilang tanggapan para kay Koronel Gansenvoort at silid ng mga kawani para sa mga opisyal.  Sa gabi maaari itong magsilbing silid-kainan at lugar para sa mga pampublikong pagtitipon.

**13 – Mga silid ng Opisyal.** Kadalasan may dalawa o tatlong opisyal ang naghahati sa silid na may ganitong laki. Ang walang laman nitong hitsura ay kumakatawan sa kung anong hitsura mayroon ang kuta kapag ang garison ay nagpapalit mula isang rehimyento patungo sa isa.

**14 – Silid kung saan Nakapagpapa-init.** Ang orihinal na silid ng opisyal, ang silid na ito ngayon ay pinanatili ang pundasyon ng at orihinal na pugon na nakapagpapa-init na natagpuan sa panahon ng arkeolohikong paghuhukay noong taong 1970.

**15 – Hilagang-kanlurang Balwarte.** Ang magasin ng baril na matatagpuan sa ilalim nitong balwarte ay nagsilbing asintahan sa panahon nang pagkubkob habang ang Britanya ay nagtangkang wasakin ang kinalalagyan ng pulbura sa kuta.

**16 – Kanlurang Kasemat.** Orihinal na silid din ito ng mga sundalo, na nilagyan ng mga krib na makikita sa Timog-silangang Kasemat.

**17 – Mga tirahan sa Kanluran.** Orihinal na silid din ito ng mga sundalo para sa hukbo na pinamunuan ni Kapitan Gregg.  Sa ngayon ang gusali ay nagsisilbing istasyon ng mga tanod-gubat at nag-alok nang maikling pelikula tungkol sa kung anong buhay meron ang mga Amerikano noong panahon ng Rebolusyon.

**18 – Timog-kanlurang Balwarte.** Sa ilalim ng balwarteng ito, kung saan nakatayo ang poste ng watawat, naroon ang pansamantalang ospital kung saan ginagamot ang mga sundalo.  Iba't-ibang uri rin ng mga gamit pang-ospital ang makikita rito.

**19 – Timog-kanlurang Kasemat.** Ang lugar na ito ay nagsilbing tirahan para sa mga sibilyan na manggagawa sa kuta.  Sa ngayon nagsisilbi itong tanggapan ng parke at hindi bukas sa publiko.

National Park Service
U.S. Department of the Interior

Fort Stanwix National Monument
112 E Park Street
Rome, NY 13440

EXPERIENCE YOUR AMERICA™

## ANG LAHAT NG DAAN AY PATUNGONG SA ROME

Ang Kuta ng Stanwix ay matatagpuan sa kabayanan ng Rome, N.Y. sa panulukan ng James Street at Erie Boulevard. Ang Willet Center at ang kuta ay bukas mula ika9:00 hanggang ika-17:00 araw-araw, maliban sa Araw ng Pagpapasalamat (U.S.A.), Disyembre 25, at Enero 1. Ang GPS address patungo sa sentro para sa panauhin ay: 100 North James Street, Rome, NY 13440. Lahat ng pangunahing ruta ng estado ay patungong Rome (26, 46, 49, 69, 365, and 90) ay magdadala sa iyo sa Monumento. Para makarating sa Rome mula sa New York Thruway(90), dumaan sa exit 32, sa Westmoreland, N.Y. at sundan ang mga palatandaan sa kabayanan ng Rome. May mga paradahan sa Siyudad malapit sa Monumento. Mayroon ding terminal ng bus sa Liberty Street na mga dalawang bloke mula sa kinalalagyan nito. Mayroong istasyon ng riles ng Amtrak sa Martin Street, mga isang milya mula sa kinalalagyan nito. Ang pinakamalapit na paliparan ay sa Syracuse, N.Y.




### Para sa karagdagang impormasyon:



**Address na pang-koreo:**
National Park Service
Fort Stanwix National Monument
112 E Park Street
Rome, NY 13440
USA

**Numero ng Telepono:**
1-315-338-7730

**Website:**
www.nps.gov/fost
www.nps.gov/revwar
www.nps.gov